



**NCLA**  
NATIONAL COMMITTEE ON LITERARY ARTS



*anunduman*

Literature of Memory



# *Panumduman*

Literature of Memory

Copyright © 2023 by the National Committee on Literary Arts  
Copyright of each selection remains with its author.

All rights reserved.

No part of this book may be reproduced in any form or by any means  
without the written permission from the Publisher.

ISBN: 978-971-814-332-2

Book & Cover Designer: Alejandro M. Bondoc  
Printed by: Citizen's Printing Press  
Dau, Mabalacat, Pampanga

Published by:



NCCA

**National Commission for Culture and the Arts**  
633 General Luna Street, Intramuros, 1002 Manila  
Tel. 527-2192 to 97 Fax 527-2191 and 94  
E-mail: [info@ncca.gov.ph](mailto:info@ncca.gov.ph) | website: [www.ncca.gov.ph](http://www.ncca.gov.ph)

The National Commission for Culture and the Arts (NCCA), Philippines, is the overall policy-making body, coordinating and grants-giving agency that systematizes and streamlines national efforts in promoting culture and the arts. The NCCA promotes cultural and artistic development, conserves and promotes the nation's historical and artistic heritage, ensures the widest dissemination of artistic and cultural products among the greatest number across the country, preserves and integrates traditional culture and its various creative expressions as a dynamic part of the national cultural mainstream, and ensures that standards of excellence are pursued in the programs and activities. The NCCA administers the National Endowment Fund for Culture and the Arts (NEFCA).

# CONTENTS

<b>Panumduman: Literature of Memory</b> <i>Julieta C. Mallari</i>	v
<b>A Poetics by the Word</b> <i>Gémino H. Abad</i>	ix
<b>Ang Ating Muling-Pagkatha sa mga Panitikang Rehiyonal</b> <i>Virgilio S. Almario</i>	xiii
<b>KLIMA</b>	1
<b>INTRODUCTION</b> <i>Priscilla S. Macansantos</i>	3
<b>Pagkamangha sa Parang-Katapusan-Ng-Mundo, at Ang Buhok nga Naglimpyo kang Suba/Ang Buhok na Naglinis ng Ilog</b> <i>Genevieve L. Asenjo</i>	7
<b>Ang Klima sa Panitikan: Isang Sarbey sa Papel ng Klima sa Paglikha</b> <i>Soliman A. Santos</i>	15
<b>Ecocritical Reading of "I Bunduk Tುದುದ"</b> <i>Ariel T. Gutierrez</i>	24
<b>KWERPO</b>	35
<b>INTRODUCTION</b> <i>Joyce L. Arriola</i>	37
<b>The Bisaya Speakers' Concept of the Word "Buhi"</b> <i>Catherine Jane P. Pace</i>	41
<b>Memory and the Tingle in Selected Essays by Philippine Lesbian Writers</b> <i>Jhoanna Lynn B. Cruz</i>	57
<b>Ang Katawan ng Kabataan Bilang Kagila-gilalas sa Panitikan</b> <i>Edgar Calabia Samar</i>	65
<b>Karera x Pamanang Gunita: Horseracing as a Construct of Collective Memory</b> <i>Jenny Ortuoste</i>	74

<b>Pagsasalin at Sosyolohiya: Ang Kaso ng Maikling Kuwentong Bannuar ni Roy Vadil Aragon (RVA)</b> <i>Rene Boy Esmundo Abiva</i>	87
<b>KRONIKA</b>	99
<b>INTRODUCTION</b> <i>Julieta C. Mallari</i>	101
<b>Nunot tan Ilalo: Memory and Hope in Pangasinan Literary Traditions</b> <i>Marot Nelmidia-Flores</i>	107
<b>Pakanunutan: A Contextual Analysis of the Folksong "Gali ta Paraw la'y Unlayag" of Old Alaminos</b> <i>Melchor E. Orpilla</i>	129
<b>Ang Sarzuelang Pangasinan: Isang Sulyap</b> <i>Rosalina A. Mendigo</i>	148
<b>History as Burden of Memory in the Fiction of Eric Gamalinda</b> <i>Felicidad P. Galang-Perena</i>	160
<b>Ligaw at Ligaw: Ilang Personal na Sikreto tungkol sa Time-Traveling</b> <i>Mark Joseph N. Rafal</i>	173
<b>BIO NOTES</b>	187
<b>NCLA EXECUTIVE COUNCIL MEMBERS</b>	197

# Pagsasalin at Sosyolohiya: Ang Kaso ng Maikling Kuwentong *Bannuar* ni Roy Vadil Aragon (RVA)

Rene Boy Esmundo Abiva

## Abstrak:

Layunin ng papel na ito na busisiin ang ginawang pagsasalin ni Ariel S. Tabag/ AST sa maikling kuwentong *Bannuar* ni Roy Vadil Aragon/ RVA. Maliban sa pagkokonsidera sa sosyolohikal na halaga ng pagsasalin, ang akda at ang sining mismo ng pagsasalin, higit na mainam kung makikita at mapapalutang sa ginawang proseso ng pagsasalin kung paano kinatawan ng akda ni RVA ang genre ng maikling kuwento bilang isang espasyo ng tunggalian ng mga uri/ class struggle. Magandang maunawaan kung paano sinisipat ni RVA ang iba't ibang mga pangyayaring sosyo-politikal sa loob at labas ng rehiyon niyang kinabibilangan sa pamamagitan ng pag-analisa sa ilang mga piling linya. Sa kabilang dako'y mainam na makita kung paano kinatawan ni AST ang matapat na pagsasalin.

Minaksimisa rin ang komparatibong pamamaraan mula sa orihinal na tekstong Ilokano patungong tekstong salin sa Filipino. Tatangkain din ng papel na tignan sa kabilang banda ang kaangkupan hindi lamang ng pagsasalin sa mga teksto kundi sa usaping politikal. Kaangkupang politikal ang tawag ng iba dito. Sa bandang ito, titignan kung nagtugma o nagtutugma ba ang political standpoint ng nagsalin sa orihinal na tindig politikal ng may-akda.

Partikular na tatalakayin sa papel na ito ang mga sumusunod: ang pagsasalin bilang politikal na akto, ang pagsasalin bilang isang larang ng disiplina, at pagsasalin sa *Bannuar*: isang politikal na pagpoposisyon.

## Susing-Salita:

*Bannuar*, rehiyunal na panitikan, pagsasalin, translation studies, subaltern, post-colonial studies, Panitikang Ilokano

## Ang Pagsasalin Bilang Politikal na Akto

Krusyal ang tungkulin ng pagsasalin sa buong proseso ng historikal, sosyolohikal, at pilosopikal na imahinasyon ng isang bansa. At dahil na rin sa pagsasalin, naisasalin din ang kapangyarihan ng mas malakas na puwersa kontra sa mahinang puwersa. Sa maraming pagkakataon ay nagagawa ng pagsasalin na tanggalan ng boses at tinig ang mga katutubo at maging yaong mga tinatawag na nasa subaltern sa tinatawag natin ngayong colonial history sa paraang "They [the Spanish] reconstructed native idioms and wrote grammars and dictionaries to enable them to preach and administer the sacraments, especially to hear confessions, in the vernacular languages (Fariss 2018)." At matagumpay ngang naisakatuparan ang buong proseso ng hegemonyang kolonyal, ayon sa iskolar pa ring si Vicente Rafael, "Simply put without translation, no conversion; and without conversion, no colonization (2016)." Makikita ang puntong ito ni Rafael sa pagkakabuo ni Tomas Pinpin ng *Confesionario dela Lengua Tagala (1610)*.

Bahagi na ng matandang kasaysayan ng panitikang Ilokano ang pagsasalin o *panagipatarus*. Gaya nga ng aking una nang nabanggit sa mga panayam na dinaluhan, taong 1621 pa lamang ay nagawa na ito ng mga Ilokanong manunulat sa tulong ng mga paring Kastila at ito nga'y makikita nang unang isalin nina Padre Belarmino kasama ang Ilokanong makata na si Pedro Bucaneg ang *Doctrina Christiana Iluko (1621)* ilang dekada pagkatapos lumabas sa bersyong Tagalog-Kastila. Ang dokumento ay naglalaman ng batayang introduksiyon sa Katolisismo na nakabatay din sa dogmatistang ayenda ng kolonyal na kapangyarihan ng Espanya.

Taong 1610 naman inilabas ni Tomas Pinpin ang *Librong pagaaralan nang manga Tagalog nang uicang Castilla* habang ang unang libro naman ng mga tula na isinulat ng isang Filipino, kaso sa wikang Latin, ay ang libro ng mga epigrama, *Epigramata (1766)* ni Bartolome Saguinsin. Ang mga bilingual na Indio ay unang tinawag na mga ladino na ayon kay Resil Mojares ay ganito, "A reference to their fluency in languages and the poems they wrote, texts of alternating, line-by-line translations of Spanish and Tagalog" (2017). Espesyal naman ang naging kaso ng ating Pambansang Bayani na si Rizal, "The greatest Filipino writer, Jose Rizal, wrote in the form of the European novel in the Spanish language. In his final years, he attempted to write his third novel [Makamisa] in Tagalog but abandoned it, confessing that he had difficulties writing in his native tounge and that he did not wish in the way

the Spanish missionaries did, writing Tagalog but 'thinking European.'  
(Mojares 2017)

Lumalabas, kung gayon, na ang pagsasalin ay bunga ng tunggalian at pagpapalawig ng kapangyarihan. Habang sa kabilang banda ay binubuksan naman nito ang mga bintana at pintuan ng diskurso. Bakit? Sapagkat sinisipat at inuunawa ang mga teksto sa dalawang antas: sosyo-politikal at historikal. "Tunghayan natin ang una. Dahil matinkad sa diskurso ang mga ugnayan ng mga kalahok sa usapan, pinag-iisa ng diskurso ang wika at praktika, ang paglikha ng kaalaman at paggamit ng kapangyarihan (Foucault sipi sa Daluyan, 2019). At dahil napakahalaga ang papel ng pagsasalin sa kumbersiyon (conversion) at kolonyalismo (colonialism), tama ang sipat at paggigiit ni Wodak, "Sapagkat kinapapalooban ang mga teksto ng mga paglalarawan o pag-iimaheng alinsunod sa nanggagahum (hegemonic) na motibo ng gumagamit, nakabaon dito ang nag-iiba-ibang ideolohiyang nagtatagisan para sa dominansiya o pangingibabaw." (sipi sa Daluyan, 2019).

#### Ang Pagsasalin Bilang Isang Larang ng Disiplina

Lumalabas na likas sa bawat lipunan ng tao ang praktika ng pagsasalin sapagkat laging kadikit nito ang naratibo ng kapangyarihan at tunggalian, lalo na noong mga panahong hindi pa naisisilang ang Translation Studies (TS) bilang isang bagong larang sa humanidades na sumulpot sa yugto ng post-kolonyalismo (na bahagi marahil sa tila kadenang kaugnayan nito sa Subaltern Studies o yaon bagang paghahanap ng/sa makatotohanang human at social agency sa loob at labas ng mga aparato ng ideolohiya at gahum na sumaklob sa buong bayan buhat nang magtagumpay ang mga kolonisador na sakupin ang buong bayan dahil na rin sa pagsasalin).

At dahil magkasabay ang pag-iral ng pagsasalin at lipunan, masasabi nating ang pagsasalin ay isa ring anyo ng/sa pagpapakilala ng bagong mukha ng politika na mayroon ang isang social group o social class, maliban pa sa organiko na itong nakakabit sa ebolusyon at rebolusyon ng tao kung saan ang mga nauna niyang isinalin ay ang mga tunog na mula sa kalikasan gaya ng tunog ng ibon, mabangis na hayop, lagasaw ng tubig, sutsot ng hangin sa mga dahon ng punong-kahoy at mga talahib, at maging ang mga bagay na di niya makayang ipaliwanag.

Kung titingnang maigi, may papel ang pagsasalin sa kung paano naihiwalay ang tao sa kaharian ng mga hayop. May elemento kasi ito ng tinatawag na

"natural overcoming." Pero ang isa sa matinkad sa kasaysayan ng ating bansa ay noong pumasok nga ang mga Kastila. Ang pagsasalin ay nagkaroon ng bagong mukha hindi lamang sa ating bansa kundi sa buong mundo. Kasabay sa paglaganap nito'y ang pagpatay naman sa katutubong paraan ng pagdalumat. Naging kabahagi ito sa politikal, ekonomikal, militar, at kultural na pagnanasa (desire) at interes (interest) ng puwersang mas lakas sa iba (katutubo o subaltern). Itinuloy ito ng mga Amerikano sa dakila at grandiyoso pa ring proyekto sa ilalim ng political slogan na "Civilizing mission" sa mga bayang kung kanilang itaguri'y "Savage land with savage people." (San Juan 1998)

Sa kaso ng panitikang Ilokano sa panahon ng Komonwelt, kasabay ng pagdagsa ng mga manggagawa sa mga plantasyon ng pinya at tubo sa Hawaii ay ang pagsilang sa hinaharap ng mga makabagong ladino, gaya na lamang ni Carlos Bulosan na unti-unting niyakap ang radikal na pananaw ng kaniyang panahon. Sa kontemporaneong panahon, dekada 70 nang simulang isalin ni Juan S.P. Hidalgo ang mga sumusunod: *Napili a Sarita Dagiti Aleman/ Mga Piling Kuwento ng mga Aleman (1970)*, *Rubaiyat ni Omar Khayyam/ Rubaiyat ni Omar Khayyam (1972)*, *Dagiti Napili as Sinurat Manipud iti Literatura Aleman/Ang mga Piling Akda mula sa Panitikang Aleman (1974)*, at *Ni Emil ken dagiti Detektib/ Si Emil at ang mga Detektib (1974)*.

Ako'y napaisip kung paano ang ginawang pagsasalin ng yumaong si Juan S.P. Hidalgo. Tinanong ko ang kasalukuyang Sekretaryo-Heneral ng Gumil-Filipinas at sinabi niyang mas nakabalangkas sa free translation at literal translation ang ginawa o sinundang proseso. Ano ang free translation? Ayon kay Newmark, "It produces the TL text without the style, form, or content of the original" (1988). Sa kabilang dako, ang literal translation ay "In which the SL grammatical constructions are converted to their nearest TL equivalents, but the lexical words are again translated singly, out of context." (Newmark 1988)

Sabagay, napagtanto kong maaaring tama ito. Sa matagal ko nang pakikipag-engkuwentro sa panitikang Ilokano, ang mga malikhaing akda ay madalasanito ang paraan ng pagsasalin maliban na lamang sa mga bibliyang inilalabas ng PCBS na *Magandang Balita Bibliya/ Naimbag a Damag Bibliya* na ayon na rin sa kanila ay sa paraang ST (Source Texts)/ SL (Source Language) ibinalangkas ang pagsasalin. Pero hindi ko na gagawing detalyado sa papel na ito ang metikulosong gawain sa Biblical Translation.



Halos apat na dekada ang magiging pagitan bago lumabas ang *Samtoy, Dagiti Saritimi Ditoy* (2011) na napasama sa National Book Award noong 2011 matapos itong ilathala ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) na kung saan isa sa maikling kuwentong kabilang sa nasabing antolohiya ay ang *Bannuar* ni Roy Vadil Aragon (RVA) na siyang sentro ng papel na ito. Sa inisyal kong sipat sa akdang ni RVA ay nagtataglay ito ng representasyon at re-presentasyon ng kaapihan, kapangyarihan, karahasan, at paglaban sa balangkas ng teoryang subaltern, ngunit hindi pa tiyak kung iikot sa pasulong na atake ni Gramsci o susuong sa komplikadong pagteteorisa ng postkolonyal na mundo ni Spivak. Pero isa ang malinaw, masasabing mayroong pagpopook sa banggaan ng mga puwersa sa akdang ito ni RVA na nais ko ring sipatin kung napagtagumpayan ding gawin ng unang nagsalin na si Ariel S. Tabag (AST) ayon na rin sa panuntunan at batas sa pagsasalin na nauna nang nabanggit sa itaas.

### **Pagsasalin sa *Bannuar*: Isang Politikal na Pagpoposisyon**

Bumalik tayo sa naging pagsasalin sa *Bannuar* ng patnugot ng *Samtoy* na si AST, akin din siyang tinanong upang matiyak nang maigi ang ginawa niyang proseso. Ayon sa kaniya, "Ania ti awagmo iti 'tay panangipatarus a kasla is-istoriaak dagiti Tagalog? Kasdiay koma ngamin ti kayatko a suroten. Iti wagas a Tagalog a maistoria/maipatarus ngem napudno iti ST/SL. Nupay akuek a medio adu pay la ti medio nailokano a pasetna isu a kayatko koma a rebisaren lalo ket indardarasko" (Tabag 2021). Ito ang aking salin sa kaniyang sagot "Anong tawag sa paraan ng pagsasalin na parang kinukuwentuhan ko lamang ang mga Tagalog? Iyon sana ang nais kong sundin. Sa paraang Tagalog ang pagkukuwento/pagsasalin subalit mas totoo sana ang ST/SL. Ganunpaman, aaku hin kong marami pa ring bahagi ang naisulat sa Ilokano kaya nais ko na ring baguhin lalo pa't aminado akong namadali ang proyekto." (Abiva 2021)

Nang aking linawing maigi sa patnugot ay binanggit niya ang Literal Translation (LT) na batay sa aking pagtatasa sa akdang *Bannuar* ay pasok nga sa nasabing paraan ng pagsasalin. At upang matiyak, narito ang ilang bahagi ng *Bannuar* mula sa orihinal na tekstong Ilokano (Source Text/ Source Language) at sa Target Text/ Target Language nitong Filipino. Tignang maigi sa komparatibong paraan:

Ilokano	Filipino
<p>“Wen nakkong, bannuar ni tatangmo ta natay a lumablaba gapu iti salsaluadanna a sabong a dimmuyaw a magangon ngem nabanglo pay laeng a sampagita a naiputipot iti armalaytna.”</p>	<p>“Oo anak ko, bayani ang tatay mo dahil namatay sa pakikipaglaban dahil sa pinakaiingatang bulaklak na manilaw-nilaw na natutuyo na subalit mabango pa ring sampagita na nakapulupot sa kaniyang armalayt.”</p>
<p>“Ni tatangmo ket bannuar ti sabong a duyaw iti duyaw a Febrero ti duyaw a babai a pangulo nga asawa ti duyaw a bannuar ti duyaw nga Agosto- ti duyaw a martir.”</p>	<p>“Ang tatay mo, bayani ng bulaklak na dilaw sa dilaw na Pebrero ng dilaw na babae na pangulo na asawa ng dilaw na bayani ng dilaw na Agosto- ang dilaw na martir.”</p>
<p>“Ni nanangmo nga idi ket agnatnateng iti sabsabong ken uggot ti paria ken kabatiti nga abawenna a di nakapakada iti bigla a panagbanagbag ti M14 dagiti CAFGU a bigla latta a timpuar.”</p>	<p>“Ang nanay mo na noon, namimitas ng bulaklak at talbos ng ampalaya at patola na gugulayin na di namamalayan ang biglang alingawngaw ng M14 ng mga CAFGU na bigla na lamang lumitaw.”</p>
<p>“Ngem ngumetngget latta ti kakarkarna a bisin ket kasla maipas iti bulong ti ledda ken tanglag ken amgid dagiti bagismo.”</p>	<p>“Ngunit ngangatngat pa rin ang kakaibang gutom at parang mahihiwa sa dahon ng talahib at malatarlak at amgid ang bituka mo.”</p>
<p>“Kasla maur-uram ti bukotna iti apges ken ut-ot ket kasla uloyanen ti pipikel ngem nagtaray latta, nasdaaw iti naisangsangayan a pigsa ken paspasna a nagtaray a nangdupir lattan kadagiti muyong ken mulmula ken nanglagtolagto lattan uray kadagiti alad iti kabangbangkagan.”</p>	<p>“Parang nasusunog ang likod niya sa hapdi at kirot at parang tutuluyan na ng pamamanhid ngunit tumakbo pa rin, nagtaka siya sa kakaiba niyang lakas at bilis niyang tumakbo na basta na lamang sumuot sa mga puno at tanim at tinalon-talon ang mga bakod sa mga gulayan.”</p>

<p>"Ket ubon-ubonenna idi dagiti duyaw a sabong ti paria ken kabititi ken ikuentasna sa agibaklay iti sinampaltog a tukkol ken napagpipilko a palatang ti saba."</p>	<p>"Kaya't tinutuhog-tuhog niya noon ang mga dilaw na bulaklak ng ampalaya at patola at kinukuwintas saka nagdadala ng baril-barilang kaputol at natupituping tangkay ng saging."</p>
<p>"Wenno saan, pilitenda a pagdaniwen maipapan iti sabong ket daniwenna ti 'Daniw ti Paria' nga inim-imbentona: <i>Sabong ti paria a tinupraan ti agmammama/Sampaga a daradara, duyaw a nalabbaga...</i> Wenno ti 'Daniw ti Balang a Sampaga: <i>Sabong ti kabititi a tinuktok ti pagaw ken perroka/ Napigpigis a kasla nasagsag a duyaw a bandera...</i>"</p>	<p>"O kung hindi, pipilitin siyang tumula tungkol sa bulaklak at tutulain niya ang 'Tula ng Ampalaya' na inimbento niya: <i>Bulaklak ng ampalaya na dinuruan ng may nganga/ Talulot na puro dugo, dilaw na pula...O ang 'Tula ng Ligaw na Talulot': Bulaklak ng patola na tinuka ng batobato at perroka/ Napunit na parang napilas na dilaw na bandila...</i>"</p>

Kapansin-pansin na sa ginawang pagsasalin sa *Bannuar*, napanatili ang ilan sa mga salitang Ilokano nang maabot na ng mayorya nitong teksto ang TT/TL na Filipino gaya ng *puriket, amor, arusip, ligsay, pipiruw, tarubong, perroka, duriken, birabid, leddangan, dinengdeng, sabidukong, gawat, kupkupies*, at marami pang iba. Ipinapaala sa akin, sa atin, ng kaso ng *Bannuar* ang sa tingin ko'y isang halimbawa ng "foreignizing" na ayon kay Lawrence Venuti base sa papel ni Jeremy Munday na *Introducing Translation Studies: Theories and Applications* (2008) "...adopts the strategy of resistancy, that is, a non-fluent or estranging translation style designed to make visible the presence of the translator by highlighting the identity of the ST and protecting it from the ideological dominance of the target culture." (1998)

Ganito nga marahil ang literal translation na, ayon kay A. Berman, "Restores the particular signifying process of [SL literary] works...and, on the other hand, transforms the translating language." (2008) Kung sisipating maigi, napanatili ng mga organikong salitang ito ang kuwerpo at kronika ng panitikang Ilokano, nagiging otentik o makatotohanan ito, at nakakasabay sa mabilis na pag-inog ng mga puwersa sa loob ng lipunang Ilokano, Filipino, at mundo. Sa kabilang dako'y naipapamalas ng wika, sa pamamagitan ng

pagsasalin, ang *bileg* o kapangyarihan nito na panatilihin at mapanatili ang literal at metapisikal na kahulugan.

Upang makamit ang pagpapanatili sa otentisidad ng mga kumakatawang salita sa panahon, maraming dapat ikonsidera sa pagsasalin gaya na lamang ng papel at interbensiyon ng mga sumusunod na maaaring makaapekto sa isang buong proyekto: posisyong ideolohikal at politikal ng tekstong isinasalin, ng may-akda, ng tagasalin, ng TT/TL sa ST/SL, pamantayan ng *copyeditor*, *proofreader* hanggang sa mabasbasan ito ng pabliser, at hatulan ng mambabasa. Tandaan natin na ang unang salin ng *Bannuar* ay isinalin ni AST (na kasalukuyang patnugot para sa tula sa *Bannawag Magazine*) bago ang taon ng pagkakalimbag nito sa pamamagitan ng isang book grant ng NCCA. At sa parehong taon, napasama ang librong *Samtoy* sa mga pagpipilian para sa National Book Award ng NBDB. Masasabi nating sa panahong ito, pabor ang buong klimang pampulitika at ekonomiya para sa maikling kuwentong *Bannuar* kung ikukumpara sa kasalukuyan. Bakit? Sapagkat politikal din ang tema ng *Bannuar*. Pinapaksa ng kuwento ang kabangisan ng Batas Militar noong panahon ni Ferdinand Marcos Sr.

Nais ko ring bigyan ng diin ang punto ni E. San Juan, Jr. na "Ang wika [panitikan] ay nakalubog sa daloy ng mga kontradiksiyon sa lipunan." (1998) Makikita sa mahabang kasaysayan ng pagsasalin, halimbawa, ang banggaan ng mga puwersang panlipunan at lumalabas na ang wika ay integral na bahagi, at sandata na rin sa proseso ng kolonyalismo at post-kolonyalismo o sa pakikibaka para tuluyang wakasan ang kolonyalismo sa maraming paraan, anyo, at antas ng/sa isang kilusan, sa continuum na sagupaan ng mga hindi talaga mapagkakasundong mga puwersa at relasyon sa loob at labas ng isang lipunan. Bakit tayo nagkakainteres sa pagsasalin? Sapagkat kasangkapan din ito sa pagpapatupad ng/sa gahum nang sa gayo'y makontrol ang kuwerpo at kronika.

Ayon kay Marx, ang tunggalian ng mga uri ay bunga ng panloob na kontradiksiyon dahil sa una: sa relasyon sa moda ng produksiyon, at ikalawa: sa relasyon sa gamit sa produksiyon. Ito ang diin ng prosesong transgresyon ng mga lipunan sa anumang yugto ng kasaysayan ng mundo at tao, at sa tungki ng kontradiksiyong ito'y likas o *natural* lamang na maisilang ang mga rebolusyon at digmaang palaging nasa antas henezis, o pawang walang katapusan dahil *innate* at *finite* itong batas ng kasaysayan at lipunan. Sa structural na pananaw, ito ang *economic determinism* o yaong pananaw sa mundo na itinatakda ng ekonomiya ang politika, kultura, at militar ng isang

lipunan. May istruktura ang lipunan dahil nga sa mayroong kontradiksiyon at vice versa, at kung magwawakas ang istrukturang ito'y katumbas na rin ng pagwawakas ng istruktural na kontradiksiyon. Babalik ngayon ang lahat sa tunggalian ng tao at kalikasan. Subalit "It will be a revival, in a higher form, of the liberty, equality, and fraternity of the ancient gentes." (Engels 1972) At sa istruktural na sitwasyon ng wika, dahil sa kontradiksiyon, "Language is not a product of one another base, old or new, within the given society, but the whole course of the history of society and the history of bases throughout centuries...it was created by the classes of society." (Stalin 1972, 409) Sa madaling sabi'y ang tila natural na pag-unlad ng wika ay dahil nga sa parang tubig na daloy ng mga kontradiksiyon sa loob at labas ng isang lipunan.

Ang pagsasalin, bilang isang social phenomenon, ay nakatulungan nga ng tao upang kaniyang mapangibabawan ang kaharian ng mga hayop hanggang sa matutuhan ng taong pangibabawan ito gamit ang mga muhon at istruktura ng kaniyang kadakilaa't tila Diyos na katangian at potensiyal ay lumitaw sa ibabaw ng mundo. Sa ultimatum ay upang mapreserba ang kaniyang katawan sa pamamagitan ng wika na pawa bang tila ito ang lihim na ibig sabihin ng linyang "...and the words becomes flesh." (John 1:14) Hindi namamatay ang tao kung tutuusin sapagkat naisasalin ang kanyang salita. Kung gayon, tama lamang na tignan ang wika at pagsasalin bilang isang "Arena of hegemonic and counter-hegemonic struggle." (Sahin and Bodur Un 2021)

Ang analohiya ng loob at labas ay ganito babasahin ni Mojares (2017), "As in the case of international translation, the flow of translation is from the center to the periphery rather than from the periphery to the center" na pawang siya ring tumbok ng titulo ng libro ni Bien Lumbera na *Filipinos Writing: Philippine Literature from the Regions* (2015). Ang pagpapasyang ginawa ng Komonwelt ang naglagay sa Tagalog/ Filipino sa hegemonikong katayuan (o yaong nagpapatupad at tagapagpatupad sa kolonyal at post-kolonyal na nasa at interes ng mga banyaga.) Habang sa kabilang dako nama'y ang wikang Ilokano ay nailagay sa katayuang isulong ang kontra-hegemonya ng wikang Filipino.

Kung muling ipapasok ang pagsasalin, sususog ako sa ganitong sinabi ni Vicente Rafael, "Translation then was a kind of war, by other means, absorbed into the discourse of national-racial purity." (2009) Ang banggaan ng mga puwersa sa loob at labas ng lipunan ay makikita mismo sa disiplina ng pagsasalin. Kung may mga proyekto mang lumalabas sa publiko sa pagitan

ng mga magkakatanggaling ahensiya, samahan, at organisasyon ay madalas idinadaang maigi sa kaisahang absurdong politikal sa pamamagitan ng negosasyon at asimilasyon. Napipilitang magpasailalim ang isa sa isa sa ngalan ng publikasyon. Hindi totoong dahil ito sa pagmamahal sa sariling wika, Ilokano man o Filipino, kundi pagmamahal sa karera bilang manunulat at tagasalin.

Ito na marahil ang punto ni San Juan na "Engaging in current political struggles" (1998) ang pagsasalin. Tutuhog ito sa tinatawag ni Vicente Rafael na "Historical status of translation" (2009) kasabay ng "A nation in translation" (2009), na kung susuriing mabuti ay agawan pa rin ng katawan/kuwerpo (ang espasyo) na siyang kakatawan sa panahon o kronika. Magagawa nga lang naman ito sa pamamagitan ng pagsasalin.

Sa kaso ng *Bannuar*, maliban sa sinasalamin ng akda ang tunggalian ng mga uri, puwersa, pampolitikang paninindigan, pag-ibig, paghihirap, paglaban, diaspora, at kamatayan, malamang sa malamang ay ikinonsiderang maiigi ng nagsalin ang popular na kahingian para sa isang akdang papasa sa copyeditor, proofreader, at pabliser na nasa sentro. At upang maabot ang Target Reader [TR] na may partikular ding katawan at panahon sa wika at panitikan, kinakailangan ng pagsasalin na pumasok sa padrong Filipino upang matagumpay na maisagawa ang re-filling. Ayon pa kay Rafael, "I think the important thing to underlie here is that I see this essentially as a choice of audience, the rest is a consequence of this initial choice." (2009) Dagdag pa niya, "...literature as a commodity product sold on industrial scale and modern marketing methods." (2009) Dagdag pang salik ang globalisasyon na may espesyal na kahingian pampanitikan gaya ng global audience, global market, global aesthetics, etc. Binubuwag ng globalisasyon ang sentralisadong kaisahan ng mga suhetibong puwersa dahilan upang obhetibong kalagayan labas sa kanilang kagustuhan bilang tao ay maging fetishized at alienated na ring entidad. Nabubuwag pansamantala ang historikal, politikal, at ideolohikal na pakikitunggali. Nagiging pantay-pantay ang tao. Naisasalin ang lahat sa pamamagitan ng pagkonsumo. Naglalaho ang sensibilidad ng tao sapagkat sa bawat konsumpsyon sa mga kalakal ng globalisasyo'y lalong lumalayo rin ang agwat ng existential at essential na kairalan at halaga ng tao.

At sa napakasalimuot na daloy ng tunggaliang ito, malinaw na ang pagsasalin ay isang sandatang politikal at ideolohikal, at ang kawalan ng pambansang identidad, kamalayan, at kaakuhan sa wika halimbawa ay kadikit marahil ng

abstrakto pang pagiging isang bansang Filipinas. At ito sana, ang pagsasalin, ang pinakapektibong ahensiya ng bawat mamamayan para sa representasyon at re-presentasyon ng/sa kanilang katawan at panahon, na sa katotohanan at realidad ay malayo pa sa kasalukuyan't di hamak sa hinaharap.

**Talasanggunian:**

- (PDF) Jeremy Munday, *Introducing Translation Studies: Theories and Applications.* *ResearchGate*, [www.researchgate.net/publication/317451115\\_Jeremy\\_Munday\\_Introducing\\_Translation\\_Studies\\_Theories\\_and\\_Applications](http://www.researchgate.net/publication/317451115_Jeremy_Munday_Introducing_Translation_Studies_Theories_and_Applications).
- "Daluyan Tomo XXV 2019." *Sentro Ng Wikang Filipino*, [www.swfupdiliman.org/project/daluyan-2/](http://www.swfupdiliman.org/project/daluyan-2/).
- Farriss, Nancy. "Confusion of Tongues." *Oxford Scholarship Online*, Oxford University Press, 2018, <https://doi.org/10.1093/oso/9780190884109.003.0004>. Inaccess Marso 4, 2023.
- Gramsci A. *Selections from the Prison Notebooks of Antonio Gramsci*. London: Lawrence and Wishart, 1971.
- "Introducing Translation Studies: Theories and Applications." *Routledge & CRC Press*, [www.routledge.com/Introducing-Translation-Studies-Theories-and-Applications/Munday-Pinto-Blakesley/p/book/9780367370510](http://www.routledge.com/Introducing-Translation-Studies-Theories-and-Applications/Munday-Pinto-Blakesley/p/book/9780367370510). Inaccess Marso 2, 2023.
- IV. Stalin. "Marxism and Problems of Linguistics." *Marxists.org*, 2019, [www.marxists.org/reference/archive/stalin/works/1950/jun/20.htm](http://www.marxists.org/reference/archive/stalin/works/1950/jun/20.htm).
- Mojares, Resil B. "The Circuits of Translation: The Philippines and the World." *Journal of English Studies and Comparative Literature*, vol. 16, no. 1, 2017, [www.journals.upd.edu.ph/index.php/jescl/article/view/6721](http://www.journals.upd.edu.ph/index.php/jescl/article/view/6721). Inaccess Disyembre 14, 2019.
- "Origins of the Family- Chapter IX." *www.marxists.org*, [www.marxists.org/archive/marx/works/1884/origin-family/ch09.htm](http://www.marxists.org/archive/marx/works/1884/origin-family/ch09.htm).
- Tabag, Ariel S.. *Samtoy (Dagiti Saritami Ditoy)*. Saniata Publications, 2011.
- San Juan, E. Jr. *From Exile to Diaspora*. Ugnayan Para sa Makabayang Kamulatan, 1998.
- Roy Vadil Aragon. *BANNUAR Ken Dadduma Pay a Fiksion*. Saniata Publications, 2018.

- The, Tongues. "Duke University Press - Motherless Tongues."  
*Dukeupress.edu*, 2016, [www.dukeupress.edu/motherless-tongues](http://www.dukeupress.edu/motherless-tongues).
- "Translation Procedures, Strategies and Methods." *Translationjournal.net*,  
2019, [translationjournal.net/journal/41culture.htm](http://translationjournal.net/journal/41culture.htm).
- "Vicente Rafael Explores Link between Translation, Historical Imagination  
in Book 'Motherless Tongues.'" *UW News*,  
[www.washington.edu/news/2016/05/09/vicente-rafael-explores-link-between-translation-historical-imagination-in-book-motherless-tongues/](http://www.washington.edu/news/2016/05/09/vicente-rafael-explores-link-between-translation-historical-imagination-in-book-motherless-tongues/). Inaccess Marso 2, 2023.
- "What Does It Mean That the Word Became Flesh?" *Zondervan Academic*,  
[zondervanacademic.com/blog/word-became-flesh](http://zondervanacademic.com/blog/word-became-flesh).
- Wodak, Ruth. "Complex Texts: Analysing, Understanding, Explaining and  
Interpreting Meanings." *Discourse Studies*, vol. 13, no. 5, Oktubre  
2011, 623-33, <https://doi.org/10.1177/1461445611412745>.